# Mga Pagsusuri at Pamamaraan para Matuklasan at Magamot ang Kanser sa Balat

Kahit sino ay maaaring magkaroon ng kanser sa balat. Maraming batik na natutuklasan ng mga tao sa kanilang balat ay hindi kanser ngunit ang ilan ay maaaring kanser o palatandaan bago magkakanser. Kadalasan, ang mga kanser sa balat ay maaaring matuklasan nang maaga kung saan maaaring magamot nang mas madali ang mga ito.

Kung may napansin kayong pagbabago sa inyong balat, kakailanganin ng inyong doktor na gumawa ng pagsusuri para matingnan ito. Kung ang pagbabago ay mukhang maaaring kanser ito, kakailanganin ng inyong doktor na gumawa ng pagsusuri o pamamaraan para malaman kung kanser ito. Kung mayroon kayong kanser sa balat, maaaring gumamit ang inyong doktor ng pamamaraan para gamutin ito.

## Mga Pagsusuri para Mahanap ang Kanser sa Balat

Ginagawa ang biopsy para sumuri ng kanser. Ang biopsy sa balat ay isang maliit na operasyon kung saan tinatanggal ang bahagi (sampol) ng batik na maaaring kanser. Ipinapadala ang sampol sa isang laboratoryo at tinitingnan sa ilalim ng mikroskopyo para makita kung may mga selula ng kanser.

Ang uri ng biopsy na kailangang gawin ng inyong doktor ay depende sa uri ng kanser sa balat na maaari itong maging. Tinitingnan din ng doktor ang laki ng bahagi at kung nasaan ito sa inyong katawan upang makatulong sa pagpapasya kung anong biopsy ang gagawin. Pamamanhirin ang inyong balat nang sa gayon ay hindi kayo makaranas ng pananakit sa panahon ng biopsy. Ipapaalam sa inyo kung paano pangangalagaan ang lugar na ginawan ng biopsy pagkatapos.

**Pag-aahit na biopsy:** Inaahit ng doktor ang itaas na layer ng balat gamit ang blade. Gagamit ng ointment, kemikal, o maliit na kuryente para mapigilan ang pagdugo.

**Punch biopsy:** Isang kasangkapang katulad ng isang maliit na bilugang cookie cutter ang gagamitin para alisin ang mas malalim na sampol. Ang mga dulo ng lugar ng biopsy ay madalas na tinatahi.

**Excisional at incisional biopsy:** Gumagamit ang doktor ng panghiwa sa operasyon para humiwa nang mas malalim sa balat. Inaalis ang hugis tatsulok ng balat. Ang mga dulo ng lugar ng biopsy ay madalas na tinatahi. Tinatanggal ng excisional biopsy ang buong tumor. Tinatanggal lamang ng incisional biopsy ang bahagi ng tumor.

**Lymph node biopsy:** Hindi karaniwan para sa ilang skin kanser na kumalat, ngunit posible ito. Maaaring gawin ang lymph node biopsy para makita kung kumalat ang kanser sa inyong kalapit na mga lymph node. Ang biopsy na ito ay higit pang mapanghimasok kaysa sa mga nagtatanggal ng batik. Maaari itong gawin gamit ang napakanipis na karayum. O kaya, maaaring magpasya ang doktor na alisin ang buong lymph node.

## Mga Pamamaraan para Gamutin ang Kanser sa Balat

May iba't ibang pamamaraang maaaring gamitin para gamutin ang kanser sa balat. Ang pamamaraang ginagamit ay depende sa uri, laki, at lokasyon ng kanser sa balat. Pamamanhirin ang inyong balat nang sa gayon ay hindi kayo makaranas ng pananakit sa panahon ng pamamaraan. Ipapaalam sa inyo kung paano pangangalagaan ang lugar na ginamot pagkatapos.

**Excision:** Para sa pamamaraang ito, ang kanser at ilang normal na balat sa palibot nito ay hinihiwa gamit ang panghiwa sa operasyon. Paminsan-minsan, ang mga dulo ng balat ay tinatahi, ngunit depende ito sa kung gaano dapat kalaki ang hiwa.

**Curettage at electrodesiccation:** Inaalis ang kanser sa pamamagitan ng pagkaskas gamit ang mahaba at manipis na kasangkapan. Pagkatapos ay ginagamot ang bahagi gamit ang de-kuryenteng karayum para sirain ang anumang mga selulang kanser na maaaring maiwan.

**Operasyong Mohs:** Isa-isang tinatanggal ng doktor ang maninipis na layer ng balat. Ang bawat layer ay tinitingnan sa ilalim ng isang mikroskopyo. Kung may nakitang kanser, tatanggalin ang isa pang layer ng balat. Inuulit ito hanggang sa wala nang kanser sa balat ang nakikita. Ang pamamaraang ito ay ginagamit kapag higit na nanganganib na bumalik ang kanser pagkatapos ng paggagamot. Ginagamit din ito kapag hindi sigurado ang doktor kung gaano kalaki ang kanser sa balat. At maaari itong gamitin para magpanatili ng higit pang malusog na balat hangga't maaari para sa mga kanser sa ilang kalapit na bahagi gaya ng mata, gitna ng mukha, mga tainga, o mga daliri. Maaaring kailanganin ang pagtatahi pagkatapos ng pamamaraan upang makatulong sa paggaling ng lugar.

**Mga skin grafts:** Kung tinanggal sa pamamagitan ng operasyon ang malaking kanser sa balat, maaaring hindi sapat ang matitira sa palibot na balat para tahiin nang pasara ang sugat. Sa mga ganitong pagkakataon, maaaring kunin ang balat sa ibang bahagi ng katawan (graft) para takpan ang sugat at tulungan itong gumaling. Maaari ring mas mapaganda ang hitsura ng bahagi sa pamamagitan ng mga skin graft.

Ang mga pamamaraang ito ay ilan lamang sa mga paraan ng paggamot ng kanser sa balat. Maaari ring naisin ng inyong doktor na kumuha kayo ng ibang mga uri ng paggagamot, gaya ng immunotherapy, targeted therapy, chemotherapy, o radiation therapy. Ang paggagamot ay nakadepende sa uri ng kanser sa balat na mayroon kayo, gaano kalaki at kalalim ito, at kung kumalat na ito sa ibang mga bahagi ng inyong katawan. Kausapin ang inyong health care team tungkol sa kung ano ang pinakamakabubuti para sa inyo.

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **www.cancer.org/skincancer**.
Narito kami sa tuwing kailangan ninyo kami.



©2021, American Cancer Society, Inc.
Blg. 080801
Ginagamit ang mga modelo para sa layunin ng paglalarawan lamang.

bbb.org/charity